DHCS
CALIFORNIA DEPARTMENT OF HEALTH CARE SERVICES
Michelle Baass | Director

Medi-Cal

Mahal na Miyembro ng Medi-Cal, Agosto 31, 2026

Ipinapaalam sa iyo ng liham na ito ang tungkol sa dalawang bagong panuntunang pederal na itinatag ng Kongreso at ni Pangulong Trump. Makakaapekto ang mga ito sa iyo sa susunod na taon (sa **2027**) at tinatawag na:

Ang **Panuntunan sa Trabaho at Pakikipag-ugnayan sa Komunidad** at ang **Panuntunan** sa **Renewal kada 6 na Buwan.**

Nagpapadala kami sa iyo ngayon ng impormasyon, ngunit hindi magkakabisa ang mga panuntunang ito hanggang Marso 2027. Makakatanggap ka ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga panuntunang ito.

Ang Panuntunan sa Trabaho at Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

Sinasabi ng panuntunang ito na ang mga nasa hustong gulang, edad 19-64, ay kailangang magtrabaho, magboluntaryo, pumasok sa paaralan, dumalo sa isang programa sa pagsasanay sa trabaho, o magkaroon ng kita upang mapanatili ang Medi-Cal.

Maaari kang hindi mapasailalim sa panuntunang ito kung ikaw ay:

- May malubha, kumplikado, o patuloy na kondisyong medikal na pumipigil sa iyo na matugunan ang panuntunang ito.
- May malubhang kondisyon sa kalusugan sa pag-iisip na pumipigil sa iyo na matugunan ang panuntunang ito.
- Buntis ka o nabuntis ka sa nakalipas na 12 buwan, o kwalipikado ka para sa pangangalaga pagkatapos manganak.
- Tagapag-alaga ka ng isang tao na may kapansanan o malubhang kondisyong medikal o kondisyon sa kalusugan sa pag-iisip.
- May kapansanan na pumipigil sa iyo na matugunan ang panuntunang ito.
- Labis o maling paggamit ng droga o alkohol, sumasailalim ka sa paggagamot, o hiniling sa iyo na sumailalim sa paggagamot.

- Ikaw ay magulang, tagapag-alaga, o tagapangalaga ng batang 13 taong gulang o mas bata.
- Natutugunan mo ang mga iniaatas ng CalWORKs sa trabaho.
- Tumatanggap ka ng CalFresh at kasama ka sa programa sa trabaho ng CalFresh.
- Ikaw ay nasa kulungan o bilangguan.
- Ikaw ay isang beteranong may ganap na (kabuuang) kapansanan.
- Nasa foster care ka noong iyong ika-18 kaarawan at wala ka pang 26 taong gulang.
- Ikaw ay American Indian o Katutubong Taga-Alaska.

Kung wala sa mga nabanggit ang naaangkop sa iyo sa buwan ng iyong renewal, **maaari mong matugunan ang panuntunan at mapanatili ang Medi-Cal kung natutugunan mo ang alinman sa mga sumusunod sa alinman sa mga nakaraang buwan mula noong iyong huling renewal:**

- Ikaw ay wala pang 19 taong gulang.
- Kwalipikado ka para sa o nakatala sa Medicare Part A, o nakatala sa Medicare Part B.
- Nakalaya ka mula sa kulungan o bilangguan sa loob ng nakalipas na 90 araw.
- Tumanggap ka ng pangangalaga sa isang ospital, pasilidad ng nursing, o pasilidad para sa mga pasyenteng may psychiatric na kondisyon.
- Naglakbay ka sa labas ng iyong lugar upang magpagamot para sa isang malubhang kondisyong medikal.
- Nabuhay ka sa isang county na may napakataas na kawalan ng trabaho, o sa isang county na naapektuhan ng isang pederal na likas na sakuna. Kung alinman sa mga ito ay naaangkop sa iyong county, magpapadala kami sa iyo ng isa pang pabatid.
- Hindi ka isinailalim sa panuntunan dahil sa alinman sa mga kadahilanang nakalista sa itaas sa pahina 1.

Maaari naming gamitin ang impormasyong mayroon na kami tungkol sa iyo upang matukoy kung natutugunan mo ang isa o higit pa sa mga kadahilanang nakalista sa itaas. Kung magagawa namin ito, makakatanggap ka ng pabatid na nagsasaad na hindi ka isasailalim sa Panuntunan sa Trabaho at Pakikipag-ugnayan sa Komunidad. Isasaad din sa pabatid na ito na maaari mong panatilihin ang iyong Medi-Cal at wala ka nang kailangang gawin pa.

Kung wala kaming sapat na impormasyon upang awtomatikong matukoy na natutugunan mo ang alinman sa mga kadahilanang nasa itaas, magkakaroon ka ng pagkakataong magbigay

ng impormasyong maaaring magbigay-daan upang hindi ka mapasailalim sa panuntunang ito.

Mga Paraan Upang Matugunan ang Panuntunang Ito
Kung wala sa mga kadahilanang nakalista sa itaas ang naaangkop sa iyo kapag nag-renew ka ng iyong Medi-Cal, maaari mong matugunan ang panuntunang ito sa pamamagitan ng **alinman sa mga sumusunod o kombinasyon ng mga ito:**

- **Magkaroon ng kita mula sa anumang mapagkukunan na hindi bababa sa $580 (bago ang buwis) sa alinmang buwan mula noong iyong huling renewal.**
    - Ang mga tao na madalas magpalit ng oras ng trabaho o may pana-panahong trabaho ay maaaring magkaroon ng average na kita na hindi bababa sa $580 bawat buwan mula sa anumang mapagkukunan sa loob ng 6 na buwan.
- Magtrabaho sa anumang uri ng trabaho, magboluntaryo, magsagawa ng serbisyo sa komunidad, o dumalo sa isang programa sa pagsasanay sa trabaho sa kabuuang hindi bababa sa **80 oras sa alinmang buwan mula noong iyong huling renewal.**
- **Pumasok sa paaralan kahit part time lang sa alinmang buwan mula noong iyong huling renewal.**
    - Ang mga tao na pumapasok sa paaralan nang mas mababa sa part time ay maaaring pagsamahin ang kanilang mga oras sa klase at mga aktibidad sa paaralan sa trabaho, serbisyo sa komunidad, o pagsasanay sa trabaho upang matugunan ang iniaatas na 80 oras.

Wala kang kailangang gawin ngayon. Dapat mong simulan ang pagtugon sa panuntunang ito simula sa 2027. Bago matapos ang taong ito, makakatanggap ka ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagkakataon sa trabaho, pagboboluntaryo, serbisyo sa komunidad, at paaralan na mayroon sa iyong lugar.

Ang Panuntunan sa Renewal kada 6 na Buwan

Simula Enero 2027, nakasaad sa panuntunang ito na ang mga nasa hustong gulang, edad 19-64, ay muling susuriin ang kanilang pagiging kwalipikado para sa Medi-Cal kada 6 na buwan upang matiyak na kwalipikado pa rin sila.

Hindi ka mapapasailalim sa panuntunang ito kung ikaw ay:

Ikaw ay American Indian o Katutubong Taga-Alaska.
Buntis ka o nabuntis ka sa nakalipas na 12 buwan, o kwalipikado ka para sa pangangalaga pagkatapos manganak.
Nasa foster care ka noong iyong ika-18 kaarawan at wala ka pang 26 taong gulang.

Maaaring Mawala ang Iyong Medi-Cal
Upang mapanatili ang Medi-Cal, dapat mong matugunan ang Panuntunan sa Trabaho at Pakikipag-ugnayan sa Komunidad at masuri ang iyong pagiging kwalipikado para sa Medi-Cal kada 6 na buwan – *maliban kung kwalipikado kang hindi mapasailalim dito,* ***gaya ng inilarawan sa itaas.***

Kung hindi mo matutugunan ang mga panuntunang ito, makakatanggap ka ng nakasulat na pabatid na magsasabi sa iyo kung ano ang kailangan mong gawin bago matapos ang iyong Medi-Cal . Ipaaalam din sa iyo ng pabatid kung ano ang gagawin kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon, kabilang ang iyong karapatang umapela.

Kung mawala sa iyo ang Medi-Cal dahil hindi mo natugunan ang mga panuntunang ito, hindi ka makakatanggap ng tulong pinansyal upang magbayad para sa isang planong pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California. Nangangahulugan iyon na kailangan mong bayaran ang buong halaga ng bagong seguro sa kalusugan.

Maaari kang muling magpatala para sa Medi-Cal anumang oras. Kung sa palagay mo ay may pagkakamali o nagbago ang iyong sitwasyon, makipag-ugnayan sa tanggapan ng Medi-Cal sa iyong county upang humingi ng tulong. Hanapin dito ang kanilang numero ng telepono at address: dhcs.ca.gov/COL.

Ano ang Kailangan Mong Gawin Ngayon

Tiyaking nasa tanggapan ng Medi-Cal ng iyong county na ang iyong kasalukuyang impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Kabilang dito ang mailing address, numero ng telepono, at email address. Napakahalaga nito. Ang tanggapan ng Medi-Cal sa iyong county ay magpapadala sa iyo sa koreo, email, o text ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga panuntunang ito.

Makipag-ugnayan sa BenefitsCal
Inirerekomenda namin na gumawa ka ng account sa BenefitsCal.com. Ang BenefitsCal ay ang opisyal na website kung saan maaari mong subaybayan ang iyong mga benepisyo at dokumento, kumpletuhin ang mga form, mag-ulat ng mga pagbabago, mag-upload ng mga dokumento, magbasa ng mga pabatid, at marami pa. Maaari ka ring “mag-opt in” upang makatanggap ng mga text at mensahe sa email para matanggap mo ang pinakabagong impormasyong kailangan upang mapanatiling aktibo ang iyong Medi-Cal.

Maaaring hilingin sa iyo ng tanggapan ng Medi-Cal sa iyong county ang mga form para sa renewal, pay stub, at iba pa**. Mahalagang tumugon ka sa iyong mail o mga mensahe sa BenefitsCal o isumite ang iyong impormasyon sa oras upang hindi malagay sa panganib na mawala ang iyong Medi-Cal.** Maaari ka ring humingi ng tulong sa tanggapan ng Medi-Cal sa iyong county.

Ang mga mambabatas ng California ay namuhunan sa mga bagong mapagkukunan upang matulungan ka sa mga bagong panuntunang ito. Magpapadala kami sa iyo ng karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan tungkol sa mga panuntunang ito bago matapos ang taong ito. Kasama rito ang mga website na tutulong sa iyo na makahanap ng bayad o boluntaryong trabaho, matuto tungkol sa pagsasanay sa trabaho o mga paaralang maaari mong pasukan, at marami pa.

Mga Tanong?

- Tumawag o bumisita sa tanggapan ng Medi-Cal sa iyong county. Hanapin dito ang numero ng telepono at address: dhcs.ca.gov/COL.
- Pumunta online sa: www.dhcs.ca.gov/workrules
- Tumawag sa Medi-Cal Helpline: (800) 541-5555.
- Gumawa ng BenefitsCal account o mag-log in sa BenefitsCal upang kumpletuhin ang mga form, mag-ulat ng mga pagbabago, pamahalaan ang iyong mga benepisyo, mag-upload ng mga dokumento, magbasa ng mga pabatid, at marami pa: BenefitsCal.com.

Salamat,

Department of Health Care Services
Estado ng California